

Chapter One



“Pochoy! Lapit ka nga dito at saluhin mo ’tong mapipitas ko. Pochoy! Ano ba! Sirain ko ’yang RC mo, eh. Yabang nito!” Halos mamaos na si Misty sa katatawag sa pinsang si Pochoy na abala sa paghabol sa remote-controlled helicopter na pinalilipad nito sa village park na iyon. Summer vacation at ilang linggo na siyang nagbabakasyon sa bahay ng mga ito sa Quezon City.

Nasa itaas siya ng puno ng mangga na hitik na sa bunga. Hindi na niya alam kung saan pa ilalagay ang napipitas dahil pulos may laman na ang mga bulsa ng cargo shorts niya.

“Kaya mo na ’yan, Mist! Di ba si *Superman* ka naman. *Superman!* Man!” Sa halip na lumapit sa kanya ay inikut-ikutan pa ni Pochoy ang punong kinalalagyan niya habang nakabelat.

“Di ba sabi mo malakas ka? Ang galing-galing mo, eh. Kaya mo ’yan!” dagdag pa nito, sabay takbo papalayo habang pinapaikot din ang helicopter sa ere.

Asar na naupo muna ang babae sa kinatutuntungan niyang sanga habang iniisip kung paano ang gagawin sa mga mangga. Plano pa naman niyang ibigay iyon sa kanyang Tita Mariz na

naglililihi. Puwede niyang ilagay iyon sa t-shirt niya, ngunit hindi magkakasya roon ang mga prutas.

May excuse pa ang dalaga para gumalaw sa paraang nakasanayan niya. Wild and free. Muli siyang tumingin sa ibaba at hinanap ang pinsan. Kausap nito ang ilan pang kalaro at tila nalimutan siya.

“Pochoy!” tawag muli niya sa pinsan na hawak ang remote control habang umaaligid ang helicopter sa itaas ng ulo nito.

Nagulat ito marahil sa pagtawag niya at may kung anong napindot dahil pagkatapos ng isa pang ikot ay dumerecho sa kinaroroonan niya ang helicopter. Hah, chance na niya ito para gumanti! Sa excitement ay kaagad siyang tumayo sa kinauupuan, ngunit mas mabilis ang pagsugod ng helicopter at tumama iyon sa kanyang mukha. Nawalan siya ng balanse. Bago pa siya nakakapit muli ay tuluy-tuloy na siyang nalaglag sa lupa, una ang mukha.

Ni hindi na magawang makasigaw ni Misty. Mabuti na lang at damuhan ang binagsakan niya at may mga tuyong dahon pa roon. Iyon mismo ang mga nalasahan niya habang pilit ibinabangon ang sarili. And something else. Something salty and tasted faintly of... metal?

Dugo! At masakit din ang braso at balikat niya. Pinilit niyang gumulong patihaya, ngunit parang hindi niya maigalaw ang katawan. Nagdurugo pa ang labi niya. Saan ba siya tumama?

“Hala, Misty! Lalo kang pumangit! Hindi ka na pogi!” At sinundan pa iyon ng nakakalokong tawa ng demonyito niyang pinsan. Pinilit niyang bumangon habang dumadakot ng damo na may kasamang lupa para ibato rito, ngunit hindi niya magawa.

Asar na asar na siya, lalo at nagsilapitan pa ang mga kalaro ni Pochoy at pinagtawanan din siya. Hindi siya iyakin pero kapag ganitong wala siyang magawa para ipaglaban ang sarili ay hindi niya kayang pigilan ang luha.

“Mas pangit kayo!” humihikbing sabi ni Misty habang itinutukod ang kamay sa damuhan.

Then, out of nowhere, a wonderful clean scent filled her nostrils. Sa luhaang paningin ay naaninag niyang may palapit sa kanya. Nakasuot ng puti. *Angel? Deads na ako?* She blinked. And saw a hand being held out to her. A hand that belonged to one of the most beautiful creatures she had ever seen.

Matangkad ito, payat at namumula ang katamtamang kulay na balat. Medyo mahaba na ang buhok nitong parang gupit ng mga miyembro ng paboritong banda ng tatay niya, ang *Beatles*. Anong klaseng nilalang ang nagpapagupit pa rin ng ganoon ngayong 1998?

“Are you hurt? Do you think you can get up?” tanong nito. Marahil ay matanda lamang ito sa kanya nang ilang taon, ngunit maganda na at walang kapiyok-piyok ang mababa nitong boses.

Wait, ine-English siya nito? What?

“Ah...” Hindi niya maalis ang tingin dito. Ang weird ng nararamdaman niya. Bakit parang umiinit ang mga pisngi niya pagkatapos tila kinakabahan siya?

His face looked really kind and... handsome? Tama ba iyon? Hindi pa siya naguwapuhan sa kahit sinong lalaki.

“Uhm... my face...”

Napangiti ito. Lalo tuloy gumuwapo. “You’re still pretty.” Hinaplos nito ang gilid ng mukha niya bago marahang idinampi ang hinlalaki sa gilid ng bibig niya. “But you have a cut lip,” nag-aalalang sabi nito bago kinuha sa bulsa ang isang puting panyo. Marahang idinampi nito iyon sa labi niya. “There, no more blood.”

Kinuha ni Misty ang panyo. “Yuck, may dugo! Akin na! Lalabhan ko.”

His hand went to her arm. “Can you get up now? I can take you home. Saan ka nakatira?”

“Hay naku, nagta-Tagalog ka naman pala *ine-English mow pah akow*.” She faked a slang. Natawa ito. “But I can speak English too, you know. I just don’t have anyone to talk English with. Uy, tama ba ang grammar ko? Best in Language ako sa school, eh.”

Muli itong natawa. “You’re cool.”

Napangiti na si Misty kahit hindi maramdaman ang isang braso niya. “And pretty? Mukha ba akong

girl?”

Nangunot ang noo ng estranghero. “*You are a girl. And very pretty.*” Inalalayan siya nito para makatayo. “Come on. Saan ka nakatira?”

“Hoy, Misty! Sabi ni Mama don’t talk to—Uy, Kuya Nikolai!” bati ni Pochoy sa lalaking umalalay sa kanya. “Kuya Nikolai, pinsan ko siya! Babae ’yan, mukha lang lalaki!” At sinundan pa nito iyon ng tawa.

“Hindi naman ah. Maganda nga ang pinsan mo kahit short hair.” Masuyong ginulo pa iyon ng lalaki na Nikolai pala ang pangalan. He steadied her with his arms. Hanggang balik lang siya nito. “You think you can walk home? Sasamahan na kita. Kina Pochoy ka ba nakatira?”

Tahimik na tumango lang siya. Parang ayaw pa niyang bumitaw sa kausap. Ngunit pakiramdam din ni Misty ay kaya na niyang maglakad, at iyon nga ang ginawa niya. Pero nakadalawang hakbang pa lang ay para na siyang nakakita ng solar system.

“Hey, wala bang masakit sa ulo mo? Tingnan ko nga.” Inakbayan siyang muli ni Nikolai at kinapaka ang ulo niya. “Wala ka namang bukol. But just to be sure, you need to see a doctor. Mataas din ’yung binagsakan mo. Pero astig ka, ha. Ako nga nahihirapang akyatin ’yun.”

Binalingan ito ni Misty at nginitian. Wala na siyang pakialam kung sungki ang ngipin niya. “Eh, ang tangkad mo na kasi. Mahaba na ang legs mo.

Sasabit ka lang sa puno.” Muli niyang sinubukang lumakad, ngunit hinagip siya ni Nikolai sa braso.

“Kapit ka na lang,” masuyong sabi nito. Iyon ang ginawa niya. It felt weird walking as she had her arms wrapped around someone’s body. Pero masarap din ang pakiramdam. Parang ligtas na ligtas siya. Nang marating nila ang bahay ng tita niya ay alinlangan pa siyang bumitaw rito.

“Dito na lang. Baka pag nakita ka, paglihian ka ng tita ko at mabugbog ka sa kurot. Ang pogi mo, eh,” aniya habang kinakapa ang sarahan ng pedestrian gate mula sa grills niyon.

Natawa muli ito. “You sure kaya mo na?”

She gave him a thumb-up sign. “Kaya na kahit masakit ang braso. Kahit na lalo siguro akong pumangit.”

Tumaas ang kilay ng kausap. “You are not ugly.” Yumukod ito upang magpantay ang kanilang mga mukha. “Cut lip or not, you are pretty.” Then he leaned closer and kissed her gently on the cheek. “You’ll be okay.” Tinapik nito ang pisngi niya bago lumayo.

Natulala si Misty. Hinalikan siya ni Nikolai!

“Well, I should go.” Kumaway ito bago itinuro ang bahay sa tapat nila. “I live there.” Lumungkot ang mga mata nito. “We’ll be leaving tomorrow, though.”

“Saan ka pupunta?”

He smiled sadly. “Brisbane, Australia.”

“Kailan ka babalik?” di-makapaniwalang tanong niya. Ang daya naman! Ngayon lang niya ito nakilala!

He shrugged. “I don’t know,” he sighed. “You take care, Misty. At huwag mong paniniwalaan kapag may nagsabing pangit ka.”

“Eh, di huwag. Sabi mo, eh. ”Tsaka ang pogi mo, kaya sa iyo na lang ako maniniwala. Hindi ako pangit!” Itinaas ni Misty ang kamao. “Pretty ako!”

Nangingiting napailing ito. “Get in. Ask your Tita to take you to the doctor.” Iyon lang at muli itong kumaway bago tumawid sa katapat nilang bahay.

Malungkot na pumasok na rin siya sa bahay ng tita niya. Kapag nakita niya uli si Nikolai, sisiguruhin niyang hindi na ito muling aalis. Gusto niyang makilala ito nang lubusan.



Nagising si Misty sa tunog ng alarm mula sa kanyang cellphone. Kinuha niya ang aparato sa nightstand upang patahimikin ang ingay. Nag-iinat na bumangon siya. Saktong ala una ng umaga at umpisa na ng araw niya.

Hindi siya call center agent na may imposibleng work schedule. Hindi rin siya security guard o tindera ng isda sa palengke. It was much worse. She was reviewing for the bar exams. Sa loob ng nakalipas na isang buwan simula nang mag-umpisa ang review classes ay halos araw-araw na siyang

gumigising nang ala una o alas dos ng madaling-araw upang muling isaksak sa kukote niya ang lahat ng inaral sa loob ng apat na taon sa *UP College of Law*.

PR officer siya ng isang chain of wine and liquor stores. Kinailangan niyang mag-file ng indefinite leave mula sa trabaho upang mag-focus sa bar exams sa October.

Lumabas ng kuwarto si Misty at bumaba sa kusina upang kumuha ng mainom at makakain. She took a thick slice of banana bread and two pieces of empanada, plus a bottle of green tea and placed them on a tray. Binitbit niya iyon at muling umakyat sa kanyang kuwarto. Ipinatong niya ang tray sa desk niyang nasa isang sulok katabi ng kama.

Ang kuwarto niya ay dating master bedroom ng Tita Mariz at Tito Ralph niya bago nag-migrate ang mga ito sa Canada seven years ago. Dahil sa siya ang pinakamalapit sa mga ito ay sa kanya iyon ipinagkatiwala. Pumayag din ang mga itong parentahan niya ang mga kuwarto sa mga estudyanteng nag-aaral sa *Ateneo de Manila University*, *Miriam College* o *Center for Culinary Arts* na malapit lang sa village na iyon. Sa ngayon ay may apat siyang mababait at matitinong babaeng boarders. May kasama rin silang mag-asawang katiwala na ang isang kuwarto naman sa ibaba ang inookupa.

Ang mga ito ang tumulong mag-ayos ng kuwarto

niya na mukha nang library na may kama sa gitna. May sliding door na patungo sa balkonahe na nakaharap sa kalye. It was covered with a curtain. Ang kurtinang sa ilang gabi ay palagi niyang hawak habang nakasilip sa katapat nilang bahay.

She still hasn't forgotten that boy she met fifteen years ago. Kahit na inokupa na ang bahay ng caretakers at ilang malayong kaanak ng pamilya nito sa loob ng lumipas na mga taon ay umaasa pa rin siyang isang araw ay babalik ito roon.

Ang alam lang ni Misty ay ilang basic information tungkol sa binatilyong tumulong sa kanya noong mahulog sa puno fifteen years ago. His name was Nikolai Zaldivar, and he was fifteen when they met. He was a fresh graduate of the *Philippine Science High School* then and got a scholarship to study at a prestigious Australian university, na natapat sa pagkakadestino roon ng tatay nitong accountant. He was the middle child at nag-iisa ring lalaki.

Ayon sa Tita Mariz niya, mabait daw ang pamilya ni Nikolai. Mahiyain ang binatilyo pero maraming babae sa village ang may crush dito. He was awkward and lanky, but he was already very good-looking even then. Lalo na siguro ngayon. Nasaan na kaya ito? Kumusta na kaya si Nikolai?

Tumayo siya at pumuwesto sa sliding door saka maingat na hinawi nang kaunti ang kurtina. Napakurap siya nang makitang bukas ang lahat

ng ilaw sa first floor ng bahay sa tapat. Bihirang mangyari iyon. Ilang segundo pa ay bumukas na rin ang ilaw sa kuwartong katapat mismo ng balcony. May mababang bay window roon at walang kurtina kaya kita niya ang nasa loob.

A tall man entered the room. Lumukso kaagad ang puso ni Misty dahil kamukha nito ang guwapong binatilyong tinawag siyang *pretty noon*. He had a coat slung on his shoulder as he placed a huge backpack on the bed. Yumuko ito at binuksan iyon. Mayamaya ay naupo ito at tila nasa aktong nagtatanggal ng medyas at sapatos.

Sa paglipas ng segundo ay lalong bumibilis ang tibok ng puso niya habang minamasdan ito. *That's Nikolai, right? There couldn't be another man living in that house who looked that good!* Mas nagkalaman ito, mas well-defined ang muscles na ngayon ay halata sa suot nitong long-sleeved t-shirt. His shoulders looked broader, his chiseled features more prominent. Mas clean cut na rin ito at naka-brush up ang buhok kaya kitang-kita ang bawat anggulo ng guwapong mukha.

Napahigpit ang hawak ng dalaga sa kurtina nang tumayo ang lalaki at tumingin sa gawi niya. Makapal ang kurtina at patay pa ang mga ilaw sa kuwarto niya maliban sa desk lamp sa sulok kaya imposibleng makita ni Nikolai na may nakasilip dito. But she was still nervous.

Nanlaki ang kanyang mga mata nang makitang

sinimulan nitong hubarin ang pang-itaas.

Oh my gulay! Kung hindi lang matibay ang pagkakabit ng curtain rod ay baka nahila na pabagsak ang kurtina sa higpit ng hawak niya. Nikolai was shirtless now and his muscled upper body looked so good enough to eat she wanted to reach for her bottle of green tea and take a sip. Parang nanuyo bigla ang lalamunan ng dalaga sa nasaksihan.

Insosente pa siya noong umalis ito. Sino ang mag-aakala na sa pagbabalik ni Nikolai ay ganito ang isasalubong ng binata sa kanya? Wait, sana nga binata pa ito! *Oh my goodness, he is unzipping his pants! Shit!*

Ang halay mo, Misty! Umalis ka diyan at tigilan mo na ang pamboboso! Mag-aral ka na lang!

But how could she ever go back to her notes and cases when a beautiful man was slowly taking his clothes off right before her very eyes? Halos hindi siya humihinga nang makitang hawak ni Nikolai ang waistband ng pantalon nito na tila anumang sandali ay ibababa iyon. Pero bigla ay umalis ito. Napapadyak siya sa inis.

Pagbalik nito ay nakasuot na ng boxer shorts. Boxers lang. *My, my, those legs!* They were as toned and strong-looking as the rest of him. Ano kaya ang sport nito? Soccer? Tennis?

Nakalimutan na tuloy ni Misty na kailangan niyang magbasa. Nanatili siyang nakatayo at halos

dikit ang mukha sa salaming sliding door habang maingat na hawak ang kurtina. Sinimulang ilabas ni Nikolai ang laman ng backpack nito at inilagay sa closet. Nang matapos ito ay ang suitcase naman ang isinunod. Kinuha nito ang isang bote ng tubig at uminom doon. Muli itong tumingin sa gawi niya, bahagyang nangunot ang noo bago napailing.

Naalala kaya siya nito? Was he looking for her?

Magpakita kaya siya rito? Kinapa niya ang gilid ng pinto at akmang aalisin ang lock niyon, ngunit muling nawala si Nikolai sa paningin niya, kasunod ang pagdilim sa kuwartong pinapanood niya.

What? Aga mo namang matulog, Nikolai! But I will see you again. Soon.



Chapter Two



Sa village park ay sumalampak ng upo si Misty sa damuhan malapit sa fountain. Kinapa niya ang tumutunog na cellphone at nahugot iyon mula sa ilalim ng mga libro niya. Ang isa sa best friends niyang si Addy ang tumatawag.

“Yo, what’s up?” aniya.

“Misty! Nasaan ka na? Tapos na review mo, di ba?” bungad ni Addy. Gaya niya ay nagre-review rin ito para sa bar exams, sa ibang university nga lang. Nagkakilala sila nito at ng isa pang kaibigan na si Patrice sa *UST* kung saan sila nag-college. Doon na rin kumuha ng Law si Addy habang siya ay nag-aral sa *UP*. Si Patrice naman ay walang interes sa batas, at ilang taon nang nagtatrabaho.

“Pauwi na ako!” masiglang sagot niya. “Ililibre mo ba ako ng dinner, Addy? Saan ang gig mo tonight? Please, yayain mo ako. Get me out of here... chos!” At sinundan niya iyon ng tawa.

Drummer sa isang weird na banda si Addy kung saan ang mga kasama nito ay panay ‘alternative’ ang gender. Ito lang ang straight na miyembro ng bandang ang pangalan ay *Purgatory*.

Natawa rin ang kaibigan niya. “Iyon nga mismo ang sasabihin ko. Sa Eastwood ang gig tonight. Eight

thirty ang start. Meet tayo ng seven sa central plaza then, we'll have dinner. Okay ba 'yun sa 'yo?"

"Treat mo?"

"Gaga ka, dapat nga ikaw ang naglilibre dahil nagbalik na ang crush mo. Nagkita na ba kayo? Nahawakan mo na ba iyong nakita mo? Ibang klase ka, Misty. Hindi pa rin ako maka-get over sa pamboboso mo." Natawa itong muli.

Napailing siya. "Hindi pa nga kami nagkikita. Ang toxic kahapon, eh. "Tapos, naglagay na din ng kurtina sa window niya, wala na akong ma-sight na laman. Wrong timing ang pagbabalik ng isang iyon, itinapat pa sa bar review. Alam mo naman ang unspoken mantra among reviewees—"

"Falling in love while taking the bar equals disaster," salo ni Addy sa sasabihin niya.

"Mismo! Hindi pa naman ako in love pero kapag nagpakita pa uli siya na boxers lang ang suot, baka kung ano na ang maganap."

Napahalakhak ito. "Lukring ka! Akala ko ang inosente mo, ang halay mo din pala. O, siya, mag-aayos pa ako ng gamit. See you later!" Iyon lang at nawala na si Addy sa kabilang linya. Ibinalik na ni Misty ang cellphone sa bag. Kasasara pa lang niya ng zipper at nakaupo pa rin siya sa damuhan nang may marinig na kaluskos. Parang may tumatakbong papalapit, kasabay ang tila excited na paghinga.

Ilang sandali pa ay nakarinig na siya ng tahol. Kapag ganitong oras ay inilalakad ng mga taga-

village ang kani-kanyang mga aso. Nangunot ang noo niya nang makitang papalapit sa kanya ang Rottweiler na pag-aari ng tiyahin ni Nikolai. Nasaan kaya ang kasama nito? Kadalasan ay ang anak ng kasambahay roon ang kasama ng asong ang pangalan ay Maxine. At kilala siya ng asol Mukhang siya talaga ang puntirya nito.

Bago pa niya ito nabati ay dinamba na siya ni Maxine. Tatlong taon na ito at nuknukan ng hyper. Ilang sandali pa ay napahiga na siya sa damuhan habang ang aso ay tila sabik na dinidilaan ang mukha niya.

“Eww, Max! Pareho tayong girl, ano ba!” natatawang sabi niya habang sinasalag ito, ngunit ang akala yata ng aso ay nakikipaglaro pa siya. Lalo itong na-excite. Kinagat-kagat pa nito ang kuwelyo ng jacket niya. “Down, Maxine! Bad girl you.” Gumulong siya upang umiwas ngunit muli lang itong sumunod, tila tuwang-tuwa pa.

“Down, Maxine! Stay!”

Napakurap si Misty. Huh? Kung siya ang aso at ganoon kaganda ang boses ng tatawag sa kanya, tiyak na susunod kaagad siya. Iyon mismo ang ginawa ni Maxine. Mabilis itong tumigil sa pangungulit sa kanya at laylay ang dila na naupo habang tila may hinihintay. Soon, a tall man emerged from the shrubs and crouched beside the dog to put back her leash, then turned to her.

“Are you okay?” Sandaling hinimas-himas ng

lalaki ang leeg at likod ng tainga ng aso bago ito may kinuha sa bulsa ng cargo shorts nito. It was a pack of wet tissue na ginamit nito upang punasan ang mga kamay bago lumapit sa kanya.

Hindi niya inaalís ang tingin sa lalaki. He looked even more beautiful now, up close. He had day-old stubbles that contrasted with his clean haircut and neatly pressed clothes. Iniabot nito ang isang kamay sa kanya. “I’m sorry, medyo maluwag na kasi ’yung kawit ng leash kaya siya nakawala. She is also very hyper,” hingìng paumanhin nito.

Hindi pa rin halos kumukurap na inabot ni Misty ang kamay nito. Those big, rough but warm hands felt so good to touch. Parang ayaw na niyang bumitaw. “It’s okay. Kilala ko naman si Maxine at hyper talaga ’yan.” Hindi pa rin siya bumibitaw sa lalaki maging nang makatayo na siya. Ginamit niya ang isang kamay upang pagpagin ang damit na kinapitan ng damo, dahon at lupa.

“Are you okay? Wala namang masakit?” nag-aalala pa ring tanong nito bagaman nangungunot na ang noo. “Nakita ko kanina na itinumba ka ni Maxine.”

And Nikolai still looked good even if he was not smiling. Ayaw pa talaga niya itong bitawan. Baka pumuslit na naman at lumipad pa-Australia! Puwede kayang gawing excuse sa paghawak niya rito ang nagwawalang puso niya? Na baka atakihin siya at bumagsak na lang sa lupa.

“I’m... I feel a little...” Ano nga ba ang nararamdaman niya? “Weird. I mean, a bit nauseous. Hilo na kasi ako sa maghapong review class ’tapos gutom pa. That’s why Maxine pretty much knocked me out,” she smiled. “Pero kaya pa.” Huminga siya nang malalim. “I’m good, Nikolai.”

Napakurap ito. “You... do we know each other?”

Tumaas ang kilay ng dalaga. “Hello, masyado ba akong gumanda at hindi mo na ako kilala?” Inilapit niya ang mukha rito. “Misty. The girl whose lips got cut by a remote-controlled chopper and fell from that...” aniyang itinuro ang puno ng mangga sa malapit, “same mango tree facedown some fifteen years ago? Inihatid mo pa nga ako sa bahay. Na katapat lang ng bahay n’yo.”

Ilang segundong nakatingin lang si Nikolai sa kanya bago sumilay ang recognition sa mga mata nito. “Oh... right... Wow!” Halatang hindi ito makapaniwala. “You’ve grown up... you’re tall!”

“Five eight. But you’re still taller,” she smiled. “And bigger!” Binitawan niya ang kamay ng lalaki at pinisil ang upper arm nito. “Sarap ng muscles mo, ah.”

He blinked. “What?”

“I mean, ang guwapo mo lalo, Nikolai!” She bit her lower lip for effect. “So yummy.”

Nakatingin lang ito sa kanya, tila hindi alam kung paano magre-react. “You’re crazy.”

“And beautiful,” dagdag niya.

Sa wakas ay napangiti si Nikolai. “No contest.” Napatingin ito sa kasamang aso na behaved nang nakatingin lang sa kanila. “Uh, we should go.”

Umarko ang kilay ni Misty. “Eh, di sabay na tayo. Magkatapat lang ang bahay natin.”

Tumango ito. “Right. Let’s go.”

Natahimik na ang binata habang pauwi sila. Parang naiilang ito na panay lang ang tingin sa cellphone habang nilalakad nila ang ilang metro lang naman na distansya patungo sa kabilang mga bahay. Hindi alam ni Misty kung bakit bigla itong sumeryoso at nanahimik. May nasabi ba siyang weird? Na-turn off kaya ito sa kabaliwan niya?

Ngunit huminto naman ito sa tapat ng pedestrian gate nila sa halip na tumawid kaagad. “Well, it was nice seeing you again, Misty.” Bahagya itong ngumiti.

“Weh, di nga? Parang napilitan ka lang sabihin iyan, eh.” Hinampas niya ito sa braso.

Worry crossed his face. “Hindi, ah,” he sighed. “I’m really happy to see you again.” May pakiusap sa mga mata nito.

“Joke lang! Ito naman, baka na-shock ka lang sa kakulitan ko.” She leaned and kissed him on the cheek. Halos mabingi siya sa lakas ng dagundong sa dibdib niya pagkatapos.

Nikolai just looked at her, clearly not expecting what she just did. “I... we should go.” Napaatras ito, hawak pa rin ang leash ng aso.

Naiiling na itinulak na niya papasok ang gate.
“See you around, Nikolai.”

He looked uncertain, but he nodded. “See you, Misty.” At gaya noong una silang magkita ay ito ang naunang tumalikod, at hindi na lumingon hanggang sa makapasok ng gate.



Chapter Three



“I see you read Bradbury, too.”

Muntik nang mabitiwan ni Nikolai ang hawak na dalawang libro ng sci-fi and fantasy author na si Ray Bradbury dahil sa biglang nagsalitang iyon, na kasabay pa ang pagtapik sa balikat niya. Lumingon siya at si Misty ang nakita.

Her hair was cropped short and spiky, her wide smile revealed slightly crooked teeth and her round eyes looked really happy to see him. May kipkip itong isang pad ng yellow paper, dalawang malaking notebook, ilang ballpens at isang food magazine.

“Hi, Misty,” nagawa niyang sabihin, kasabay ang isang ngiti. He liked seeing her. He often wondered what became of the odd, bubbly girl he met before he left the country fifteen years ago. Minsan nga kapag akala niya ay makakauwi na siya ng bansa ay pinlano niyang hanapin ito. Pero iyon ay noong mga panahong akala niya ay may pag-asa pa siya at magiging okay na ang lahat.

He was wrong. It didn't matter anymore if he saw her again.

“Kung isa lang ang pipiliin mo sa dalawang iyan, definitely it should be...” Misty tapped her fingers on the book he held in his left hand. “This.” Nangislap

ang mga mata nito. “Alam mo bang ang nakalagay sa headstone ni Mr. Bradbury ay iyan mismong title na ’yan? ‘Ray Bradbury, Author of *Fahrenheit 451*’. Therefore, iyan ang itinuturing niyang greatest work at nagde-define sa kakayahan at passion niya bilang writer.”

Marahang tumango ang binata. He knew about that, of course. Ngunit naaliw siya sa enthusiasm ni Misty. Isa pa, sobrang lapit din nito na halos magkadikit na sila. She smelled wonderful. A mix of light cologne and summer.

“Pero worth it din naman ’yang *The Martian Chronicles*,” tukoy nito sa isa pang librong hawak niya.

“Right.” Muling ipinako ni Nikolai ang tingin sa mga librong hawak. Gusto niyang murahin ang sarili. Bakit pakiramdam niya ay nais kumawala ng puso niya? It’s weird, it’s not welcome.

He didn’t even know her that much. She’s just this girl he couldn’t seem to forget even after he spent years living in Australia. He still remembered her even if he dated and had relationships with several other women.

“Nikolai,” untag ni Misty sa kanya.

Napakurap siya at napatingin sa kamay nitong nakalahad sa kanya.

“I’m Misty. Your neighbor,” she grinned.

“I know.” Nag-init ang mga pisngi niya.

“Baka lang nakakalimutan mo. I couldn’t

blame you. Sanay na ako sa ganoon. Lalo na kapag nakikilala ang mga kaibigan kong mga super ganda, wala na.” Napailing nito. “Kabog na kabog ang beauty ko.”

“Hindi naman kita nakalimutan,” biglang nasabi niya, na gusto niya kaagad bawiin. “I mean, I know you’re Misty,” he sighed. “I’m sorry. May jet lag pa siguro ako.”

Hindi nawawala ang ngiti nito. “Okay lang. May pupuntahan ka pa ba after this?”

“Wala na. Bakit?”

“Gusto mo ng ice cream? There’s a really nice ice cream shop just near our village. Subukan mo ’yung salted caramel and pistachio flavor. Ang sarap!” She licked her lips for effect.

He just stared at her. Ang sumunod na lang niyang namalayan ay nakaangkla na si Misty sa braso niya at iginigiya na siya patungo sa cashier. Pumayag ba siya sa paanyaya nito?

Pareho niyang binili ang dalawang libro ni Ray Bradbury. Sa library lang kasi niya nabasa iyon dati noong nasa college pa siya sa Australia. Nagpapalipas lamang siya ng oras kanina sa book store na katapat lang ng daan papasok sa village nila dahil naiinip siya sa bahay.

Sa isang linggo pa mag-uumpisa ang klase ni Nikolai bilang part-time professor sa Macroeconomics sa state university habang tumatangap din ng trabaho bilang consultant

at researcher para sa isang international finance institution. Magaan lang ang magiging schedule niya dahil ayaw na niyang ma-stress. For the past several years, he worked almost fifty hours per week and had rarely taken a vacation.

Kung hindi pa dahil sa isang balitang natanggap ay hindi niya tatantanan ang trabaho. Pinauwi siya ng mga magulang na nauna nang bumalik sa bansa tatlong taon na ang nagdaan. Ngunit sa halip na paderechuhin siya sa home province nila ay sinabi ng mga itong balikan niya ang bahay nila sa isang tahimik na middle-class subdivision sa Quezon City.

“We’re sorry if you ever felt like you constantly need to prove yourself, Nikolai. Hindi namin hiniling iyon. Ayaw naming isiping huli na ang lahat. Kaya mo nang mabuhay nang hindi nagtatrabaho sa loob ng tatlumpung taon. Just go home, Anak. And spend all the time you have for yourself.”

Sinundo siya ng buong pamilya noong umuwi siya galing Brisbane. Nangako rin ang mga itong dadalaw every other week, o siya ang dumalaw sa Aurora. Kapwa enjoy sa simpleng buhay bilang organic farmers ang kayang mga magulang habang ang mga kapatid niya ay pareho nang nagsimulang bumuo ng pamilya.

Umalis siya sa trabaho at sinunod ang nais ng kanyang pamilya na bumalik sa Pilipinas, ngunit sinuway niya ang kagustuhan ng mga itong huwag nang magtrabaho. Hindi niya kayang walang

ginagawa. He had to keep himself busy or he would only have more time to think about how pathetic his life had become.

“Nikolai?” Tinapik siya ni Misty sa braso. “Okay ka lang ba? Nag-lunch ka na ba? Kung hindi pa, sasamahan muna kitang kumain bago tayo mag-ice cream.”

He blinked. Noon niya napansing inaabot nito sa kanya ang paper bag na naglalaman ng mga pinamili niya at ang forty-two pesos na sukli. “I’m sorry. Nag-lunch na ako, I’m fine. Where is that ice cream place?”

Umarko ang kilay ng babae. “Diyang lang sa paglampas ng *Dunkin’ Donut* pagbaba ng overpass.” Lumabas na sila ng bookstore. Bumitaw sa kanya si Misty at kinuha ang payong nito sa bag. “Hay, kasama pa kita, lalo tuloy uminit ang panahon.”

Takang minasdan niya ito. “What?”

She batted her lashes. “Because you’re so hot, Nikolai.” Ngumisi ito, sabay bukas ng payong.

Napailing siya, napangiti. “Ako na d’yan.” Kinuha niya ang payong at iniabot sa dalaga ang sukli niya. “Pakilagay na lang sa box ni Manong,” turo ni Nikolai sa isang bulag na mamang tumutugtog ng gitara sa tabi ng footbridge.

“Wow, yaman!” Nanlaki ang mga mata nito.

“It’s just forty-two pesos.”

“Kahit na. Ako nga, hanggang beinte lang ang carry kong ibigay dahil ang daming kumakalabit

sa akin mula *UP* hanggang dito. One time, mineral water lang ang naibigay ko kay Manong pero tuwang-tuwa siya.” Dumukot din sa balsa ang babae at dinagdagan ang inihulog sa kahong nasa harap ng musikero. “Manong Bert, tantanan mo na si Elvis. Ako ito, ang iyong future lawyer. ’Yung lagi kong request, ha.”

Manghang nagpalipat-lipat ang tingin niya kay Misty at sa lalaking napangiti bago tinapos na ang *Love Me Tender* ni Elvis at sinimulan ang mabagal na intro ng isang kanta.

“Close kayo?” amused na tanong ng binata.

“Medyo. In-interview ko siya one time. Taga-Sikatuna siya at may maliit silang bahay doon. Iyan lang ang trabahong available sa bulag na gaya niya kaya kahit pasulpot-sulpot ang kita, pinagtitiyagaan niya dahil ayaw niyang maging pabigat sa kanyang pamilya. Huwag ka, siya pa ang nagbibigay ng allowance sa pamangkin niyang scholar sa *Claret*. May summer job sa *Jollibee* ’yung pamangkin niya ngayon, pero sinusundo siya sa hapon.”

“Wow, magkakilala nga kayo.”

“Kakilala din niya ’yung guard sa bookstore at ’yun ang bantay niya sa mga sumusubok kunin ang box niya,” patuloy nito. Noon ay pababa na sana sila sa kabilang panig ng footbridge ngunit pinigil muna siya ni Misty. “That’s my song! That’s my favorite line!”

Nikolai just looked at her. Tumabi muna sila

upang hindi makaabala sa ibang dadaan. Kanina lang ay alinlangan pa siyang sumama rito. Wala siyang planong magkaroon ng attachment sa kahit kanino, lalo na ngayon. And especially not Misty.

Ngunit habang minamasdan niya ito na mahinang sinasabayan ang kanta ay parang iyon na lang ang gusto niyang gawin. Ni hindi niya alam ang kanta. It sounded like an old tune, though.

And a thousand violins began to play... or it might be the sound of your hello. That music I hear, I get misty when you're near...

Napangiti siya. “So, that is really your song. Diyan ka ba ipinangalan?”

Tumango ang dalaga bago nakangiting hinila na siya patungo sa hagdanan pababa. “Lola ko ang nagpangalan sa akin.”

“It’s a sad song, and sad isn’t exactly a word one would use to describe you,” komento ni Nikolai.

Natawa ito. “Yeah. Dapat nga daw *Luka* ang ipinangalan sa akin. Or Lucy, as in *Lucy in the Sky with Diamonds*. Sabog lang.” Halos talunin nito ang huling step pababa ng footbridge. At halos hilahin siya nito patungo sa ice cream shop na ang pangalan ay *North Pole*. “Wait, parang gusto ko munang bumili ng eclair at Spanish sausage sandwich sa *Dunkin’ Donut*.”

“Ikaw yata ang hindi pa nagla-lunch.”

“Hindi, matakaw lang talaga ako.” Ilang sandaling tila inisip muna nito kung papasok sa

donut shop o hindi bago napabuntong-hininga.
 “Mamaya na nga lang ako bibili. Take home ko na lang.” At hinila siya nito papasok sa *North Pole*.

Nikolai knew he should have made some lame excuse minutes ago. He should go. Sana ay hinila na niya ang braso mula kay Misty. Sana ay tumakbo na siya palayo. Ngunit habang nakikita niya ang sigla sa mga mata nito, habang naririnig ang excited nitong boses, at nakikita ang ngiting tila hindi na maaalis ay parang nawalan siya ng kakayahang gawin ang dapat.

Maybe he could say *No* another time. If he could...

